

PINAG-ISANG ABISO TUNGKOL SA MGA KASANAYAN SA PRIVACY

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT ILAHAD ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO MO MAKUKUHA ANG IMPORMASYONG ITO - PAKISURI ITO NANG MABUTI

Ang Abisong ito ay nagsisilbing pinag-isang Abiso para sa mga ospital at provider na kaakibat ng BJC HealthCare (samasamang tinatawag na “kami” o “namin”). Dahil kami ay magkakaanib na tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ayon sa pakahulugan ng Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA) ng 1996, napagpasyahan naming maghanda ng pinag-isang Abiso patungkol sa aming mga kasanayan sa privacy. Susundin namin ang mga tuntunin ng Abisong ito at maaari kaming magbahagi ng impormasyong pangkalusugan sa isa’t isa para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad at mga pagpapatakbo kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan gaya ng pagkakarawan sa Abisong ito.

ANG AMING MGA TUNGKULIN PATUNGKOL SA IYONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Nirerespeto namin ang pagiging kumpidensyal at personal ng iyong impormasyong pangkalusugan. Naninindigan kami sa pagproteka sa iyong impormasyong pangkalusugan at sa pagbibigay-alam sa iyo tungkol sa iyong mga karapatan kaugnay ng nasabing impormasyon. Inaatasan kami ng batas na protektahan ang privacy ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan, bigyan ka ng abiso tungkol sa mga tungkuling ito ayon sa batas at abisuhan ka kapag nagkaroon ng paglabag sa hindi ligtas na protektadong impormasyong pangkalusugan. Ipinapaliwanag ng Abisong ito kung paano, kailan at bakit kami karaniwang gumagamit at naglalahad ng impormasyong pangkalusugan at ang iyong mga karapatan sa privacy patungkol sa iyong impormasyong pangkalusugan. Sa aming Abiso, tinutukoy namin ang aming paggamit at paglalahad ng impormasyong pangkalusugan bilang aming “Mga Kasanayan sa Privacy”. Sa pangkalahatan, kasama sa protektadong impormasyong pangkalusugan ang impormasyong ginagawa o natatanggap namin na tumutukoy sa iyo at sa kalagayan ng iyong kalusugan o sa pangangalaga sa iyong kalusugan sa nakaraan, sa kasalukuyan o sa hinaharap, o sa paglalaan o pagbabayad ng pangangalagang pangkalusugan na iyon. Obligado kaming sundin ang mga Kasanayang ito sa Privacy simula sa petsa ng pagkakabisa na nakalista sa ibaba.

Gayunpaman, maaari naming baguhin ang aming mga Kasanayan sa Privacy sa hinaharap at partikular naming inilalaan ang aming karapatang baguhin ang mga tuntunin ng Abisong ito at ang aming mga Kasanayan sa Privacy. Ipagbibigay-alam namin ang tungkol sa anumang pagbabago sa aming Abiso at mga Kasanayan sa Privacy gaya ng inilalarawan sa dulo ng Abisong ito. Ang anumang pagbabagong gagawin namin sa aming mga Kasanayan sa Privacy ay makakaapekto sa anumang protektadong impormasyong pangkalusugan na pinapanatili namin.

Sa partikular, sa aming mga Kasanayan sa Privacy, pinagsisikapang:

Siguraduhing napapanatiling pribado ang impormasyong pangkalusugan na tumutukoy sa iyo

Ibigay sa iyo ang Abisong ito tungkol sa aming mga Kasanayan sa Privacy at mga tungkulin ayon sa batas kaugnay ng protektadong impormasyong pangkalusugan

Sundin ang mga tuntunin ng Abiso na kasalukuyang may bisa

Pagsumikapan nang may mabuting hangarin na makakuha ng nakasulat na kumpirmasyon mula sa iyo na natanggap mo o nabigyan ka ng pagkakataong matanggap ang Abisong ito

Abisuhan ka sa pamamagitan ng kasulatan sa loob ng 60 araw kung sakaling ang iyong impormasyong pangkalusugan ay malagay sa alanganin ng HealthCare, ng isa sa aming mga kaakibat, o ng isang taong kinontrata namin upang makipagtransaksyon para sa amin

MGA PROVIDER NG BJC HEALTHCARE NA KASAMA SA ABISONG ITO

Ang aming Abiso ay nagsisilbing pinag-isang abiso para sa lahat ng kaakibat na entidad, site at lokasyon ng BJC HealthCare, na

bawat isa ay susunod sa mga tuntunin ng Abisong ito.

Sa partikular, inilalarawan ng aming Abiso ang aming mga Kasanayan sa Privacy at gayundin ang sa:

Anumang kaakibat na ospital ng BJC HealthCare at ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na awtorisadong maglagay ng impormasyon sa iyong chart sa ospital

Lahat ng aming departamento at yunit, kasama na ang mga botika ng BJC

Lahat ng doktor na nagtatrabaho sa amin at ang mga site kung saan sila nagbibigay ng kanilang serbisyo

Lahat ng doktor sa ospital gaya ng mga anesthesiologist, pathologist at radiologist

Sinumang kasapi ng isang boluntaryong grupo na pinapayagan naming tumulong sa iyo habang ikaw ay nasa isa sa aming mga ospital o habang nakakatanggap ka ng pangangalaga mula sa amin

Lahat ng empleyado, kawani at iba pang tauhan sa pangangalagang pangkalusugan, kasama na ang mga empleyado o tauhan ng anumang ospital o provider ng BJC

BJC Corporate Health Services, BJC Behavioral Health, BJC Home Care Services, at Mga BJC Vision Center

Maaaring makita sa huling pahina ng Abisong ito ang isang kumpletong listahan ng mga kaakibat na ospital at provider ng BJC HealthCare at ang mga pangkalahatang klase ng mga site kung saan nagbibigay ng serbisyo na saklaw ng aming Abiso.

Hindi saklaw ng aming Abiso ang mga kasanayan sa privacy na maaaring gamitin ng iyong personal na doktor (kung hindi siya nagtatrabaho sa amin) sa kanyang pribadong tanggapan at hindi ito makakaapekto sa kanyang mga medikal na pasya kaugnay ng pangangalaga at paggamot sa iyo.

KUNG PAANO NAMIN MAAARING GAMITIN AT ILAHAD ANG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN TUNGKOL SA IYO NANG WALA ANG IYONG NAKASULAT NA PAHINTULOT O AWTORISASYON

Para sa Paggamot, Pagbabayad, at mga Pagpapatakbo kaugnay ng Pangangalagang Pangkalusugan

1. Para sa Paggamot sa Iyo Maaaring gumamit at/o maglahad kami sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at iba pang tauhan na kasama sa pangangalaga sa iyo at magbibigay sa iyo ng paggamot o mga serbisyong medikal. Halimbawa, kung inoperahan ka o kapapaganak mo pa lang, maaaring makipag-ugnayan kami sa isang ahensya ng pangangalagang pangkalusugan sa tahanan upang magtakda ng mga serbisyong pantahanan o upang suriin ang iyong paggaling pagkalabas mo ng ospital.

2. Para sa Pagbabayad ng mga Serbisyong Pangkalusugan Maaaring gumamit at/o maglahad kami upang maningil o tumanggap ng bayad para sa mga serbisyong natatanggap mo mula sa amin. Halimbawa, maaaring ibigay namin ang iyong impormasyong pangkalusugan sa aming departamento sa pagsingil o paghahabol para sa paghahanda ng bill o statement na ipapadala sa iyo, sa kumpanya ng iyong insurance, kasama na ang Medicare o Medicaid, o sa iba pang grupo o indibidwal na maaaring siyang responsable sa pagbabayad ng iyong mga serbisyong pangkalusugan.

3. Para sa Aming mga Pagpapatakbo Kaugnay ng Pangangalagang Pangkalusugan Maaaring gumamit at/o maglahad kami upang tumulong sa pagsusuri at pagpapahusay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o iba pang mga serbisyong ibinibigay namin.

Halimbawa, maaaring gamitin namin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang suriin ang saklaw ng aming mga serbisyo o upang tukuyin kung kailangan pa ng mga karagdagang serbisyong pangkalusugan. Sa pagtukoy kung anong mga serbisyo ang kailangan, maaaring ilahad namin ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga doktor, mga propesyonal sa medisina o iba pang mga propesyonal sa kalusugan o negosyo para sa pagsusuri, konsultasyon, paghahambing at pagpapalano. Dagdag pa rito, maaaring ilahad namin ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga auditor, accountant, abugado, regulator mula sa pamahalaan o iba pang mga consultant upang suriin at/o tiyakin ang aming pagsunod sa mga batas o upang kumatawan sa amin sa mga awtoridad sa pagkontrol o iba pang mga awtoridad ng pamahalaan o hukuman.

Maaaring ilahad din namin ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga organisasyon o provider na tagalabas upang makapagbigay sila sa iyo ng mga serbisyo para sa amin. Hihingi kami ng nakasulat na katiyakan mula sa mga provider na ito

upang ingatan ang impormasyong pangkalusugan na matatanggap nila.

4. Mga Espesyal na Pagkakataon Kung Saan Maaari Naming Ilahad ang Iyong Impormasyong Pangkalusugan sa Limitadong Paraan Pagkatapos alisin sa impormasyong pangkalusugan ang impormasyong direktang tumutukoy sa iyo (gaya ng iyong pangalan, address at Social Security number), maaaring gamitin namin ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa pananaliksik, mga aktibidad kaugnay ng kalusugan ng publiko o iba pang mga pagpapatakbo kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan (gaya ng pagpapalano ng negosyo). Bagama't limitado lang na impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan ang gagamitin, kukuha rin kami ng ilang katiyakan mula sa makakatanggap ng nasabing impormasyong pangkalusugan na iingatan nila ang impormasyon at gagamitin at ilalahad lang nila ang impormasyon para sa mga limitadong layunin.

Sa pagsasagawa ng o paglahok sa mga aktibidad na may kinalaman sa paggamot, pagbabayad at mga pagpapatakbo kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan, maaaring idagdag o isama namin ang iyong impormasyon sa mga electronic (computer) database sa impormasyon mula sa iba pang mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang makatulong sa aming mapahusay ang aming mga serbisyong pangkalusugan. Halimbawa, kapag gumamit kami ng database na naglalaman ng pinagsama-samang impormasyon, maaaring magkaroon kami ng mas maraming impormasyon tungkol sa iyong kalusugan upang matulungan kaming magpasya nang mas mabuti batay sa aming kaalaman tungkol sa iba't ibang paggamot at pangangalaga na maaari mong makuha, kasama na ang pag-iwas sa mga dobleng pagsusuri o nagsasalungat na pasya hinggil sa paggamot. Bagama't maaaring hindi ka namin abisuhan tungkol sa pagkakasama ng iyong data sa mga database na ito, maaaring payagan kang "mag-opt out" sa ilan sa mga database na ito. Hangga't nasa katuwiran, susubukan naming abisuhan ang aming mga pasyente, at marahil ang pangkalahatang publiko, tungkol sa mga nasabing opsyong mag-opt out (kapag mayroon) sa pamamagitan ng pagpapaskil ng mga abiso sa aming mga pasilidad, pagpo-post nito sa aming mga website o sa pamamagitan ng social media.

Para sa mga Aktibidad na Pinapayagan o Iniaatas ng Batas

May mga sitwasyong pinapayagan o iniaatas ng batas kung saan maaaring gamitin at/o ilahad namin ang iyong impormasyong pangkalusugan nang hindi muna humihingi ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo para sa mga layuning iba pa sa paggamot, pagbabayad o mga pagpapatakbo kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan, kasama na ang:

- 1. Mga Aktibidad Kaugnay ng Kalusugan ng Publiko** Maaaring ilahad namin sa isang awtoridad sa pangangalagang pangkalusugan na pinahihintulutan ng batas na mangolekta o makatanggap ng impormasyon upang makapag-ulat, bukod sa iba pang mga bagay, tungkol sa mga naihawang sakit at pang-aabuso ng bata, o sa U.S. Food and Drug Administration (FDA) upang mag-ulat ng mga kaganapang may kinalaman sa aparatong medikal o nauugnay sa produkto. Sa ilang limitadong sitwasyon, maaaring ilahad din namin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang abisuhan ang isang taong nalantad sa isang naihawang sakit.
- 2. Mga Aktibidad ng Pangangasiwa sa Kalusugan** Maaaring maglahad kami ng impormasyong pangkalusugan sa isang ahensya ng pangangasiwa sa kalusugan na kinabibilangan, bukod sa iba pang mga bagay, ng isang ahensya ng pamahalaang pederal o pamahalaan ng estado na pinahihintulutan ng batas na subaybayan ang sistema ng pangangalagang pangkalusugan.
- 3. Mga Aktibidad ng Pagpapatupad ng Batas** Maaaring maglahad kami ng limitadong impormasyon bilang tugon sa kahilingan ng isang opisyal na tagapagpatupad ng batas para sa impormasyon upang tukuyin o hanapin ang isang biktima, suspek, pugante, mahalagang saksi o nawawalang tao (kasama na ang mga indibidwal na namatay na) o para sa pagsusuplong ng krimen na naganap sa aming mga nasasakupan o maaaring naging sanhi upang mangailangan ng mga serbisyong pang-emergency.
- 4. Mga Paglilitis ng Hukuman at Administratibong Paglilitis** Maaaring maglahad kami ng impormasyong pangkalusugan bilang tugon sa isang subpoena o utos ng isang hukuman o administratibong tribunal.
- 5. Mga Koroner, Tagasuring Medikal at Direktor ng Punerarya** Maaaring maglabas kami ng impormasyong pangkalusugan sa isang koroner o tagasuring medikal upang kilalanin ang isang namatay na tao o upang tukuyin ang sanhi ng pagkamatay.
- 6. Pagdo-donate ng Organ** Maaaring maglahad kami ng impormasyong pangkalusugan sa isang organisasyong kumukuha ng mga organ o iba pang pasilidad na lumalahok sa o nagpapasya para sa pagkuha, pag-iimbak at/o pagta-transplant ng mga

organ o tissue.

7. Mga Layunin ng Pananaliksik Nagsasagawa at lumalahok kami sa mga pananaliksik sa medisina, lipunan, sikolohiya at iba pang mga larangan. Ang karamihan ng mga proyekto ng pananaliksik, kasama ang marami sa mga pananaliksik kung saan gumagamit ng impormasyong pangkalusugan, ay kailangang sumailalim sa isang espesyal na proseso ng pag-apruba kung saan susuriin ang ipinapanukulang proyekto ng pananaliksik at ang paggamit nito ng impormasyong pangkalusugan bago namin gamitin o ilahad ang hinihiling na impormasyong pangkalusugan. Gayunpaman, sa ilang sitwasyon, maaaring maglahad kami ng impormasyong pangkalusugan sa mga taong naghahandang magsagawa ng proyekto ng pananaliksik upang tulungan silang magpasya kung maaari nga bang magsagawa ng isang proyekto ng pananaliksik o kung magiging kapaki-pakinabang ba ito, hangga't ang impormasyong pangkalusugan na susuriin nila ay hindi ilalabas ng aming mga nasasakupan. Maliban na lang kung sasabihan mo kami na ayaw mong lumahok, o huwag isama ang iyong impormasyong pangkalusugan, direkta man o sa pamamagitan ng probisyong mag-opt out (kapag mayroon), ilalagay ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga nasabing database na magagamit para sa mga naapubahang proyekto ng pananaliksik. Ang anumang itinapon o prineserbang likido mula sa katawan o sample ng tissue (kasama na ang mga organ) na hindi na kailangan para sa klinikal na pangangalaga sa iyo ay maaari ding ilaan upang magamit ng mga mananaliksik para sa pananaliksik.

Dagdag pa rito, dahil naninindigan kami sa pagpapaunlad ng agham at medisina at bilang bahagi ng paggamot sa iyo, maaari kang alukin ng aming mga clinician ng impormasyon tungkol sa mga klinikal na pananaliksik na pagsubok (mga sinisiyasat na paggamot). Upang matukoy kung maaari ka bang maging kandidato para sa ilang klinikal na pagsubok, maaaring suriin kung minsan ng aming mga clinician at tauhan sa pananaliksik ang iyong impormasyong pangkalusugan at maaaring ihambing nila ang iyong impormasyon sa mga kinakailangan para sa klinikal na pagsubok.

8. Pag-iwas sa Panganib sa isang Tao o Kaligtasan ng Publiko Maaaring gumamit at maglahad kami ng impormasyong pangkalusugan kung naniniwala kami na kailangan ang paglalahad upang mapigilan o mapaliit ang tsansang mangyari ang isang seryosong banta o panganib sa publiko o sa kalusugan o kaligtasan ng ibang tao.

9. Mga Espesyal na Tungkulin ng Pamahalaan Maaaring gumamit at maglahad kami ng impormasyong pangkalusugan para sa mga partikular na pangangailagan ng pamahalaan kaugnay ng seguridad, o kapag kinakailagan ng mga institusyong koreksyonal.

10. Mga Layunin para sa Kabayaran ng mga Manggagawa Maaaring ilahad namin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang makasunod sa mga batas hinggil sa kabayaran ng mga manggagawa o mga katulad na programa.

11. Mga Paalala tungkol sa Appointment at upang Ipagbigay-alam sa Iyo ang tungkol sa mga Produkto o Serbisyong Kaugnay ng Kalusugan Maaaring gamitin o ilahad namin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang makaugnayan ka namin tungkol sa mga appointment o iba pang mga nakaiskedyul na serbisyo, o upang bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga alternatibong paggamot o iba pang mga produkto at serbisyong kaugnay ng kalusugan.

12. Mga Layunin ng Pagsingil at Pagkolekta Maaaring gamitin o ilahad namin ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa pagkuha ng bayad para sa mga ibinigay na serbisyo. Maaaring may makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng mail o telepono sa anumang numero ng telepono na nauugnay sa iyo, kasama na ang mga wireless na numero. Ang mga tawag sa telepono ay maaaring gawin gamit ang mga mensaheng naka-record na o ginamitan ng artipisyal na boses at/o automatic dialing device (isang "autodialer"). Maaaring mag-iwan ng mga mensahe sa mga answering machine o voicemail, kasama na ang anumang mensaheng nagbibigay ng impormasyon na iniaatas ng batas (kasama na ang mga batas sa pagkolekta ng bayad sa utang) at/o patungkol sa mga halaga ng pagkakautang mo. Maaari ding gumamit ng mga text message o email gamit ang anumang email address na ibibigay mo upang makaugnayan ka.

13. Mga Layunin para sa Pangangalap ng Pondo Maaaring gumamit o maglahad kami ng impormasyong demograpiko kasama na ang mga pangalan, address, iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, edad, kasarian, petsa ng kapanganakan at ang mga petsa kung kailan ka nakatanggap ng pangangalaga mula sa amin, upang makipag-ugnayan sa iyo nang sa gayon ay makalikom kami ng pondo at maipagpatuloy o mapalawak namin ang aming mga aktibidad kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan. Kung ayaw mong may makipag-ugnayan sa iyo bilang bahagi ng aming mga pagsusumikap na makalikom ng pondo, mangyaring makipag-ugnayan sa mga indibidwal na binanggit sa Seksyon ng Reklamo sa ibaba. Kung

magpapasya ka na ayaw mong may makipag-ugnayan sa iyo bilang bahagi ng aming mga pagsusumikap na makalikom ng pondo, hindi namin iibahin ang serbisyo o singil batay sa pasyang iyon.

Kung Kailan Magsisilbing Gabay ang Iyong mga Kagustuhan para sa Aming Paggamit o Paglalahad

- 1. Direktoryo ng Pasilidad** Maaaring isama sa direktoryo ng isang pasilidad ang iyong pangalan, ang iyong lokasyon sa pasilidad, ang iyong pangkalahatang kundisyon gaya ng mainam, mabuti, atbp., at ang iyong kinakaanibang relihiyon (kung ibinigay mo). Maliban na lang kung sasabihin mo kami na ayaw mong maisama sa direktoryo ng isang pasilidad, isasama ka at maaaring ilahad ang impormasyon sa direktoryo sa mga kasapi ng simbahan o sa mga taong naghahanap sa iyo gamit ang iyong pangalan.
- 2. Ang impormasyong ibinibigay sa iyong mga kapamilya o kaibigan, kung mayroon** Maliban na lang kung sasabihin mo na huwag itong gawin bago ang isang pag-uusap, maaaring maglahad kami sa isang miyembro ng pamilya o isang matalik na personal na kaibigan ng impormasyong pangkalusugan patungkol sa iyong pangangalaga, kasama na ang impormasyon patungkol sa pagbabayad para sa pangangalaga sa iyo.
- 3. Iba pa** Maaari mong hilingin sa pamamagitan ng kasulatan na huwag naming ibahagi ang iyong impormasyon sa isang plano ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga serbisyong nabayaran mo na nang buo.

Mga Paggamit at Paglalahad kung saan Kakailanganin ang Iyong Nakasulat na Pahintulot

1. Sa karamihan ng mga pagkakataon, paglalahad ng mga tala tungkol sa psychotherapy.
2. Hindi kami makikisangkot sa mga paglalahad kung saan masasabing ibinenta ang iyong impormasyong pangkalusugan nang walang nakasulat na pahintulot mula sa iyo. Nagkakaroon ng bentahan ng protektadong impormasyong pangkalusugan kapag kami o ang isang taong direkta namin o hindi namin direktang kinokontra, ay nakatanggap ng bayad kapalit ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan.
3. Hindi namin gagamitin o ilalahad ang iyong protektadong impormasyong pangkalusugan para sa mga layunin ng marketing nang walang nakasulat na pahintulot mula sa iyo. Ang marketing ay tinutukoy bilang pagtanggap ng bayad mula sa isang third party para sa pakikipag-ugnayan sa iyo tungkol sa isang produkto o serbisyo na ibinebenta ng third party.

Para sa mga sitwasyong hindi partikular na inilalarawan sa Abisong ito, hihingi kami ng nakasulat na pahintulot mula sa iyo bago namin gamitin o ilahad ang iyong impormasyong pangkalusugan. Maaari mong bawiin ang pahintulot na iyon, sa pamamagitan ng kasulatan, anumang oras, upang huwag nang ilahad ang iyong impormasyon sa hinaharap. Gayunpaman, ang impormasyong dati nang nailahad, ay hindi ipapabalik at hindi rin makakaapekto ang pagbawi mo sa pahintulot sa anumang pagkilos na naisagawa na namin. Dagdag pa rito, kung kinuha namin ang impormasyon kaugnay ng isang pananaliksik na pag-aaral, pinapayagan kaming gamitin at ilahad ang impormasyong iyon hangga't kailangan upang maprotektahan ang integridad ng pananaliksik na pag-aaral.

ANG IYONG MGA KARAPATAN PATUNGKOL SA IYONG IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

Paghiling ng mga Limitasyon sa Ilang Paggamit at Paglalahad ng Impormasyong Pangkalusugan

Maaari mong hilingin, sa pamamagitan ng kasulatan, na limitahan ang paraan namin ng paggamit o paglalahad ng iyong protektadong impormasyong pangkalusugan para sa paggamot sa iyo, para sa pagbabayad sa iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o para sa mga aktibidad na may kinalaman sa aming mga pagpapatakbo kaugnay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari mo ring hilinging limitahan kung anong impormasyong pangkalusugan ang maaari naming ilahad sa isang taong may kinalaman sa pangangalaga sa iyo, gaya ng isang miyembro ng pamilya o kaibigan. Dapat kang humiling sa departamento ng mga medikal na talaan (o iba pang nakatalagang departamento) na siyang nagpapanatili ng iyong impormasyong pangkalusugan.

Hindi namin kailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan sa lahat ng pagkakataon. Dagdag pa rito, ang anumang limitasyon na maaaring aprubahan namin ay hindi makakaapekto sa anumang paggamit o paglalahad na inaatasan o pinapayagan kaming gawin ayon sa batas.

Paghiling ng Kumpidensyal na Pakikipag-ugnayan

Maaari kang humiling ng mga pagbabago sa paraan ng pakikipag-ugnayan namin sa iyo o sa lokasyon kung saan ka namin maaaring makaugnayan. Dapat mong isulat ang iyong kahilingan. Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba. Tatanggapin namin ang makatwiran mong kahilingan, ngunit sa pagpapasya kung makatwiran nga ba ang iyong kahilingan, maaaring isaalang-alang namin ang mga problema sa pangangasiwa na maaari naming kaharapin dahil dito.

Pagsisiyasat at Pagkuha ng mga Kopya ng Iyong Impormasyong Pangkalusugan

Maaari mong hilinging tingnan ang at/o kumuha ng kopya ng iyong impormasyong pangkalusugan. Dapat kang humiling, sa pamamagitan ng kasulatan, sa departamento ng mga medikal na talaan (o iba pang nakatalagang departamento) na siyang nagpapanatili ng iyong impormasyong pangkalusugan. Halimbawa, kung gusto mong tingnan ang iyong mga talaan mula sa iyong operasyon sa isang kaakibat na ospital ng BJC HealthCare at ang mga kaugnay na talaan sa tanggapan ng doktor, dapat kang magsumite ng magkahiwalay na kahilingan sa ospital kung saan ka inoperahan at sa tanggapan ng iyong doktor.

Maaaring maningil kami ng bayarin para sa pagkopya o paghahanda ng buod ng hinihiling na impormasyong pangkalusugan. Sa pangkalahatan, tutugon kami sa iyong kahilingan para sa impormasyong pangkalusugan sa loob ng 30 araw pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan maliban na lang kung hindi madaling makuha ang iyong impormasyong pangkalusugan o kung pinapanatili ang impormasyon sa isang lokasyong pinag-iimbakan na nasa labas ng site.

Paghiling ng Pagbabago sa Iyong Impormasyong Pangkalusugan

Maaari kang humiling, sa pamamagitan ng kasulatan, ng pagbabago o karagdagan sa iyong impormasyong pangkalusugan. Dapat mong isulat ang iyong kahilingan. Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba. Nililimitahan ng batas ang kakayahan mong baguhin o dagdagan ang iyong impormasyong pangkalusugan. Kasama sa mga limitasyong ito kung ginawa namin o kasama sa aming mga medikal na talaan ang impormasyong pangkalusugan o kung naniniwala kami na tumpak at kumpleto ang impormasyong pangkalusugan nang walang anumang pagbabago. Hindi namin buburahin o tatanggalin ang orihinal na dokumentasyon sa iyong impormasyong pangkalusugan sa anumang pagkakataon.

Paghiling ng Pagsusuri sa mga Paglalahad ng Iyong Impormasyong Pangkalusugan

Maaari kang humiling, sa pamamagitan ng kasulatan, ng pagsusuri ng ilang uri ng paglalahad ng iyong impormasyong pangkalusugan. Tingnan ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa ibaba. Ayon sa batas, hindi kasama sa pagsusuri ang marami sa mga karaniwang paglalahad, gaya ng mga paglalahad na ginawa upang mapangalagaan ka, upang bayaran ang mga serbisyo para sa iyong kalusugan, o kung saan nagbigay ka ng nakasulat na pahintulot para sa paglalahad. Sa pangkalahatan, tutugon kami sa iyong kahilingan sa loob ng 60 araw pagkatapos naming matanggap ang iyong kahilingan maliban na lang kung kailangan pa namin ng oras.

Abiso Pagkatapos ng Paglabag sa Hindi Ligtas na Protektadong Impormasyong Pangkalusugan

Aabisuhan ka namin sa loob ng makatwirang panahon na hindi lalampas ng 60 araw, sa pamamagitan ng kasulatan, kung sakaling ang iyong impormasyong pangkalusugan ay mailagay sa alanganin ng BJC HealthCare, ng isa sa aming mga kaakibat o ng isang taong kinontrata namin upang makipagtransaksyon para sa amin.

Pagkuha ng Abiso tungkol sa Aming mga Kasanayan sa Privacy

Ibinibigay namin sa iyo ang aming Abiso upang ipaliwanag at ipagbigay-alam sa iyo ang tungkol sa aming mga Kasanayan sa Privacy. Maaari ka ring kumuha ng kopya ng Abisong ito. Kahit na hiniling mo ang Abisong ito sa electronic na paraan, maaari ka pa ring humiling ng papel na kopya anumang oras. Maaari ka ring tumingin o kumuha ng kopya ng aming Abiso sa aming mga website sa www.bjc.org.

MGA PAGBABAGO SA ABISONG ITO

Inilalaan namin ang karapatang baguhin ang Abisong ito kaugnay ng aming mga Kasanayan sa Privacy na nakakaapekto sa lahat ng impormasyong pangkalusugan na pinapanatili namin ngayon pati na rin ang impormasyong maaaring matanggap namin sa hinaharap. Ibibigay namin sa iyo ang binagong Abiso sa pamamagitan ng pagkakaloob nito sa iyo kapag hiniling mo, at sa pamamagitan ng pagpapaskil nito sa aming mga site ng serbisyo. Ipo-post din namin ang binagong Abiso sa aming website.

MGA REKLAMO

Tumatanggap kami ng pagkakataong tugunan ang anumang alalahanin na mayroon ka kaugnay ng privacy ng iyong impormasyong pangkalusugan. Kung naniniwala kang nalabag ang privacy ng iyong impormasyong pangkalusugan, maaari kang maghain ng reklamo sa aming Patient Care Advocate/Representative, HIPAA Liaison o sa Kalihim ng U.S. Department of Health and Human Services.

Upang humingi ng tulong sa Patient Advocate/Representative o HIPAA Liaison, makipag-ugnayan sa Operator sa alinman sa aming mga pasilidad o tanggapan at hanapin ang Patient Advocate/Representative o HIPAA Liaison. Maaari ding makipag-ugnayan sa Patient Advocate/Representative o HIPAA Liaison tungkol sa anumang tanong patungkol sa Abisong ito.

Mahalagang tandaan na dapat ipaabot ang mga kahilingan o reklamo sa ospital o tanggapan kung saan nagmula ang iyong alalahanin sa privacy. Ang anumang kahilingan o reklamo ay hindi ituturing na inihain sa alinman sa iba pang mga ospital o provider na saklaw o tinutukoy sa Pinag-isang Abisong ito.

Makakatiyak ka na ang paghahain ng reklamo ay hindi magkakaroon ng epekto sa pangangalaga sa iyo o hahantong sa anumang uri ng parusa o paghihiganti.

Para sa higit pang impormasyon patungkol sa Abisong ito o sa alinman sa aming mga lokasyon, pakipuntahan ang aming website sa www.bjc.org o tumawag sa 314-362-9355 o 1-800-392-0936.

MGA LUGAR KUNG SAAN NAGBIBIGAY NG SERBISYO ANG BJC HEALTHCARE

Mga Ospital ng BJC HealthCare

Alton Memorial Hospital

Barnes-Jewish Hospital

Barnes-Jewish St. Peters Hospital

Barnes-Jewish West County Hospital

Boone Hospital Center

Christian Hospital at Northwest HealthCare

Missouri Baptist Medical Center

Missouri Baptist Sullivan Hospital

Parkland Health Center - Bonne Terre

Parkland Health Center - Farmington

Parkland Health Center - Weber Road

Progress West Hospital

St. Louis Children's Hospital

Mga Pasilidad sa Pangmatagalang Pangangalaga ng BJC HealthCare

Barnes-Jewish Extended Care

Eunice Smith Home

Iba pang mga Organisasyon ng Serbisyo ng BJC

BJC Behavioral Health

BJC Corporate Health Services

BJC Home Care Services

Boone Hospital Home Care and Hospice

Mga Tanggapan ng BJC Medical Group

Mga BJC Retail Pharmacy

Mga BJC Vision Center

Fairview Heights Medical Group

Heart Care Institute

Petsa ng Pagkakabisa: Abril 14, 2003

Binago noong: Abril 2012, Agosto 2013, Hulyo 2015